



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Ika-29 ng Abril, 2019

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Simrun Dhoot - 415.749.4900

Inilulunsad ng Air District ang Programang Gawad sa Pagprotekta sa Kalusugan ng Komunidad

Mayroong pagpopondo para sa mga proyekto sa mga kapitbahayan sa Bay Area na pinakanaapektuhan ng pagpaparumi sa hangin

SAN FRANCISCO – Ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ay tatanggap ng mga panukala para sa Programang Gawad sa Pagprotekta sa Kalusugan ng Komunidad (Community Health Protection Grant Program) simula ika-29 ng Abril, na may halagang hanggang \$50,000, mula sa mga grupong pangkomunidad, mga asosasyon sa kapitbahayan at iba pang organisasyon na nakabatay sa komunidad at na hindi pangkalakal, sa mga itinalagang kapitbahayan sa Bay Area na pinakanaapektuhan ng pagpaparumi sa hangin.

Igagawad ang pagpopondo para sa mga aktibidad na nagpapalaki ng interest sa mga lokal na isyu sa kalidad ng hangin at nagpapalawak ng kakayahan ng komunidad na makiakibat sa Air District upang bumuo ng plano para sa pagbawas ng emisyon o pagsubaybay sa hangin. Kabilang sa mga kwalipikadong komunidad ang:

- East Oakland/San Leandro
- Eastern San Francisco
- Lugar ng Pittsburg-Bay Point
- San Jose
- Tri-Valley
- Vallejo

Pinagtutuunan ng Air District ang pagpopondo sa mga organisasyon at grupo sa mga komunidad na pinakanaapektuhan ng pagpaparumi sa hangin bilang isang matipid at sulit na paraan upang pagbutihin ang kalidad ng hangin para sa mga lokal na residente. Isasaalang-alang ng Programang Gawad sa Pagprotekta sa Kalusugan ng Komunidad ang pagpopondo sa mga direktang nagtatrabaho sa loob ng kanilang mga komunidad upang palakasin ang pakikibahagi at pakikilahok ng komunidad sa mga nalalapit na plano upang pagbutihin ang lokal na kalidad ng hangin.

Maaaring kabilang sa pinopondohang gawain ang isa o higit pa sa mga sumusunod:

1. *Pagtatasa ng Mga Pangangailangan ng Komunidad*: Saliksikin kung ano ang mga pangangailangan ng komunidad upang makilahok sa mga talakayan tungkol sa alalahanin sa lokal na kalidad ng hangin at mga potensiyal na solusyon sa antas ng kapitbahayan at magbigay ng ulat tungkol sa mga estratehiya na maaaring makatulong sa pagbuo ng interes at pakikilahok ng komunidad sa isang proyekto para sa malinis na hangin sa lokal.
2. *Pag-oorganisa sa Komunidad*: Magdisenyo at magpatupad ng mga estratehiya upang i-organisa ang komunidad hinggil sa kalidad ng hangin at/o mga isyu ng hustisya sa kapaligiran. Maaaring kabilang dito ang pagpapaunlad ng pamumuno, pagpapakilos ng komunidad at pagtaguyod ng samahan.
3. *Tunay na Pakikilahok*: Magbigay sa mga komunidad ng mga mapagkukunan at impormasyon upang makabuluhang makilahok sa mga desisyon na nakaaapekto sa lokal na kalusugan ng kapaligiran. Maaaring kabilang sa mga estratehiya ang mga rekomendasyon para sa pinabuting komunikasyon at pakikiakibat sa mga miyembro ng komunidad, pagsasanay sa mga programa ng Air District at sa paggawa ng desisyon, o iba pang mga estratehiya upang tumulong sa mga komunidad na makiakibat sa Air District at ibang lider sa lokal.

Pinopondohan ang Programang Gawad sa Pagprotekta sa Kalusugan ng Komunidad sa pamamagitan ng Panukalang-batas ng Asembleya 617 na naglalayong bawasan ang pagkalantad ng mga komunidad sa mga nagpaparumi ng hangin. Inaatas ng AB 617 sa mga lokal na distrito ng hangin na tukuyin ang mga lubos na nagdurusang komunidad para sa mga taon ng pagpapatupad bilang 1 hanggang 5 bilang mga lugar na pagtutuunan. Noong nakaraang taon, pinili ng Air District ang mga komunidad ng West Oakland at Richmond para sa taon 1. Pinili ang West Oakland para sa plano sa pagbabawas ng emisyon at pinili ang Richmond para sa plano sa pagsusubaybay ng hangin. Nilalayan ng pagpopondo sa pamamagitan ng gawad na magbigay sa mga komunidad sa taon 2 hanggang 5: East Oakland/San Leandro, Eastern San Francisco, lugar ng Pittsburg-Bay Point, San Jose, Tri-Valley at Vallejo, ng mga mapagkukunan upang bumuo ng mga katulad na plano sa pagpapabuti ng kalidad ng hangin.

Upang mag-aplay para sa pagpopondo sa pamamagitan ng gawad, bumisita sa <http://www.baaqmd.gov/community-health/community-health-protection-program>. Dapat isumite ang mga aplikasyon bago sumapit ang 5 p.m. sa ika-21 ng Hunyo 2019.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), and [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)